KALATAS
Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

ISPESYAL NA ISYU | BASAHIN AT TALAKAYIN | 29 MARSO 2021

# Biguin ang teroristang gera ng rehimeng Duterte laban sa sambayanang Pilipino!

Mensahe ng Komiteng Rehiyon ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Timog Katagalugan
Ika-52 Anibersaryo ng New People's Army
Marso 29, 2021

Nagpupugay ang Partido sa Timog Katagalugan sa lahat ng mga Pulang kumander at mandirigma sa okasyon ng ika-52 Anibersaryo ng New People's Army (NPA). Pinupuri ng Partido ang kanilang matibay na determinasyon, katapangan at dedikasyon na taos-pusong paglingkuran ang sambayanang Pilipino at isulong hanggang sa tagumpay ang pambansa-demokratikong rebolusyon ng bayan sa Pilipinas. Pinararangalan ng Partido ang NPA dahil sa ipinapamalas na kabayanihan, katatagan at diwang walang-takot sa pagbigo sa maruming gera at terorismo na pinakakawalan ng rehimeng US-Duterte at mga utusang aso sa AFP at PNP laban sa sambayanang Pilipino.

Pinagpupugayan ng KRTK ang mga rebolusyonaryong mamamayan na nasa kanayunan at kalunsuran sampu ng kanilang mga rebolusyonaryong organisasyon at mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika sa mga larangan at baseng gerilya ng NPA dahil sa di matatawarang ambag nila sa pagsusulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa iba't ibang panig ng kapuluan. Binabati at sinasaluduhan ng Partido sa rehiyon ang lahat ng alyado at kaibigan ng rebolusyon na sa iba't ibang kaparaanan ay nag-aambag ng tulong sa rebolusyonaryong adhikain ng sambayanan.

Gunitain natin ang kadakilaan ng mga martir ng rebolusyon na walang pag-iimbot na nag-alay ng kanilang buhay para sa kapakanan ng masang api't pinagsasamantalahan ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Nagsisilbing modelo ang kanilang dakilang buhay na dapat na tularan at pahalagahan ng bawat rebolusyonaryo. Sila ang inspirasyon sa nagpapatuloy na dakilang krusada para ibunsod ang rebolusyonaryong pagbabago na wawasak sa malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan sa Pilipinas.



Sa partikular, iginagawad ang pinakamataas na pagkilala kina Kasamang Antonio Cabanatan, Julius Giron, Randall Echanis, Fidel Agcaoili, Eugenia Magpantay at Agaton Topacio—mga martir ng rebolusyon at kinikilalang pambansang lider at haligi ng kilusang pambansa-demokratiko—at kay Kasamang Florenda Yap. Si Kasamang Antonio Cabanatan, 74 taong gulang, ang pinahuling biktima ng pamamaslang ng kaaway kasama ang kanyang asawang si Florenda Yap, 65 taong gulang, na parehong ilang taon nang retirado sa rebolusyonaryong gawain. Dinukot, itinago at pinahirapan sila nang ilang buwan at saka binigti hanggang malagutan ng hininga. Natagpuan ang kanilang walang buhay na katawan noong Disyembre 26, 2020 sa Barangay Botong, Oton, Iloilo.

Pinararangalan din ng KRTK sina Ermin Bellen, Bonifacio Magramo, Mario Caraig, Dioscoro Cello, Noli Siasico, Andrea Rosal, Lorelyn Saligumba, Rona Jane Manalo, Justine Vargas, Dario Almonte, Ronel Batarlo, Eduardo Torrenueva at marami pang kasamang nagbuwis ng buhay at martir ng rebolusyon sa Timog Katagalugan.

Sinasagisag nila ang di matatawarang katapatan sa rebolusyonaryong adhikain at pagiging modelo bilang mga rebolusyonaryo.

Humihiyaw ng hustisya at paniningil ang sambayanan at mga kaanak ng mga biktima ng kabuktutan at walang pakundangang pagpatay ng kasalukuyang naghaharing rehimen at ng berdugong AFP at PNP. Hindi makakalimot ang rebolusyonaryong kilusan sa walang kapatawarang krimeng ito laban sa sangkatauhan. Sa tamang panahon igagawad ng kilusan ang rebolusyonaryong hustisya sa mga pasimuno at may pananagutan sa mga karumal-dumal na krimeng ito.

Higit na mataba ang lupa sa pagrerebolusyon sa Pilipinas. Ang bulok-sa-kaibuturang malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan sa bansa ang nagsasandal sa pader sa mamamayang Pilipino na magrebolusyon. Nasa unahan ng kilusan para sa pambansang pagpapalaya sa Pilipinas ang CPP-NPA at NDFP. Isinusulong ng Partido ang demokratikong rebolusyon ng bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Ang NPA ang pangunahing armadong organisasyon na pinakikilos ng Partido sa pagsusulong ng armadong pakikibaka upang durugin ang mga haligi ng reaksyunaryong paghahari ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo sa bansa.

Nananatiling paborable at mabilis na nahihinog ang kalagayan sa daigdig at bansa para sa pagsulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa Pilipinas upang dalhin ito sa ganap na tagumpay. Sumusuray at patuloy na binabayo ng krisis ng labis na produksyon ang pandaigdig na sistema ng monopolyo-kapitalismo. Higit na naging matingkad ito sa pagragasa ng pandemyang COVID-19 na ibayong nagsadlak sa mga ekonomya, kapwa ng mauunlad at atrasadong mga bansa, sa pagkabangkarote.

KALATAS
ISPESYAL NA ISYU
29 Marso 2021

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

st.kalatas@gmail.com

balikwastk.wordpress.com

Nag-aanak ito ng malakas na paglaban mula sa masang manggagawa at masang anakpawis ng daigdig at pinalalagablab ang apoy ng armadong pakikibaka sa signipikanteng bilang ng mga bansang kolonya at malakonya ng imperyalismo kabilang ang Pilipinas.

Sa Pilipinas, ang mahigit limang dekadang buhay-at-kamatayang pakikihamok sa reaksyunaryong paghahari ng malalaking kumprador, uring panginoong maylupa at burukratang kapitalista ay naghawan sa pagkakatatag ng Pulang kapangyarihang pampulitika ng mamamayan sa maraming bahagi ng kapuluan at naghatid ng malalaking pagsulong at tagumpay ng nakikibakang sambayanan. Ang mga natipong tagumpay sa nakaraang mahigit limang dekada ang magiging higanteng puhunan para sa mas malalaking pagsulong at tagumpay sa darating na mga taon.

## I. Krisis ng imperyalismo at ang rebolusyong Pilipino

Binabayo ngayon ang pandaigdig na sistemang kapitalista nang walang kasing-lalim na krisis ng labis na produksyon. Ang kabangkarotehan ng sistemang ito ay higit na nalantad sa kabiguan ng mga neoliberalistang rehimen sa mga abante at di-maunlad na mga bansa na sawatain ang pagragasa ng pandemyang COVID-19 na nananalasa sa pandaigdig na ekonomya at nagsadlak sa mamamayan ng daigdig sa walang-katulad na kahirapan at pagkabusabos.

Isang napakalaking kabalintunaan na sa kabila ng pag-unlad at rebolusyunisasyon sa syensya at teknolohiya para pataasin ang produktibidad ng mga pwersa sa produksyon, nagpapatuloy na laganap ang kahirapan at pagkabusabos ng mamamayan ng daigdig. Nagiging isang malalim na kontradiksyon ang tumataas na panlipunang katangian ng produksyon subalit pag-aari ng monopolyong burgesya at pinansyal na oligarkiya ang mga kagamitan sa produksyon, may kontrol sa mga relasyon sa produksyon, nagtatakda sa mga kundisyon sa paggawa at paggamit ng mga rekursong tao at materyal para sa maksimisasyon ng pribadong tubò at pataasin ang presyo ng mga pribadong ari-arian sa pamamagitan ng pinansyal na manipulasyon.

Udyok ng kasakiman sa tubò, ipinataw ng estado ng internasyunal na burgesya ang

neoliberal na patakarang pang-ekonomya sa mga lipunan para pabilisin ang akumulasyon at konsentrasyon ng produktibo at pinansyal na kapital sa kamay ng napakaliit na isang porsyento ng populasyon para pagsamantalahan, pagkaitan at pigain ang natitirang 99 porsyento ng sangkatauhan. Niluwagan ang kalakalan at pamumuhunan, isinapribado ang mga ari-ariang pampubliko, sinagip ang mga naluluging empresa, at nagkaloob ng pagbawas sa buwis at iba pang insentibo sa negosyo ng mga monopolyong burgesyang korporasyon. Sa kabilang dulo, binawasan ang mga serbisyong panlipunan, pinaliit ang sahod at iba pang kita ng masang anakpawis, nagpataw ng paghihigpit-ng-sinturon, tinanggal ang mga regulasyong panlipunan at pangkapaligiran, inilipat sa pribado ang mga pag-aaring publiko, at binansot ang industria ng mga di-maunlad at neokolonyal na ekonomya ng daigdig.

Sa pagtama ng pandemya, ibayo pang ibinulid sa mas malalim na krisis ang dati nang nagpapatuloy na istagnasyon at depresyon ng pandaigdig na ekonomya sapul ng pagtama ng pinansyal na krisis noong 2008. Malawakang naparalisa ang produksyon ng mga mahahalagang empresa at industria bunga ng pagkaputol at nagambalang supply at demand chain. Milyun-milyong manggagawa ang nawasak ang kabuhayan dahil sa pagkawala ng trabaho o dahil sa pagbagsak ng kita resulta ng mga ipinatutupad ng mga kapitalista na sari-saring iskema ng pagtitipid, pleksibleng paggawa, no work-no pay at downsizing para magbawas ng gastos. Subalit bago pa ang krisis pinansyal ng 2008, madalas na ang pagsahol ng krisis ng labis na produksyon dahil sa patuloy na pagtutulak ng monopolyong burgesya na pababain ang kita at sahod ng masang anakpawis hanggang sa punto na hindi na nila kayang bilhin at bayaran ang nalilikhang produkto at serbisyo sa lipunan.

Sa kabilang banda, higit na ibinunsod nito ang papataas na pinansyalisasyon at ispekulasyon sa mga pamilihang pinansyal—kundisyon na lumilikha ng ekonomikong bulâ na anumang oras ay maaaring sumabog. Ang halaga at yamang nalilikha sa kapitalistang lipunan sa yugto ng imperyalismo ay hindi na lamang nanggagaling sa larangan ng produksyon kundi sa todo-todong pinansyal na ispekulasyon na walang sinasalalayang halaga sa produksyon ng mga pangangailangan ng lipunan at palayo nang palayo sa tunay na ekonomya.

Pinabilis ng pandemya ang malaking agwat ng pagkakahati ng mga uri sa lipunan at higit na pinasahol ang dati nang di pagkakapantay-pantay sa mundo. Halos kalahati ng buong sangkatauhan



ay nabubuhay sa $5.50 kada araw. Higit ang inaangking yaman ng mga bilyonaryo kaysa pag-aari ng 4.6 bilyong tao na bumubuo sa 60% ng populasyon ng daigdig. Humigit-kumulang sa 735 milyong mamamayan ang nabubuhay sa grabeng kahirapan. Habang nawala sa mga manggagawa ang $3.7 trilyon na kita, ang yaman naman ng mga bilyonaryo ay nadagdagan pa ng $3.9 trilyon.

Samantala, namumuhunan ng trilyon-trilyong dolyar ang mayayamang bansa para palakihin ang kani-kanilang ekonomya gayung ang mahihirap na bansa ay pinaparalisa at nakagapos ang kamay para makagawa ng sapat na pagtugon sa pandemya dahil kapos nang $2.5 trilyon ang pondong magagamit. Sa kabuuang $13 trilyon na ginamit para sa pagbangon ng mga ekonomya mula sa pandemya, kulang sa 1% ang napunta sa mahihirap na bansa.

Bago ang pandemya, ang 64 na mga bansang may mababang kita ay gumagastos nang labis para bayaran ang kanilang pagkakautang sa mga pandaigdig na pinansyal na institusyon kaysa sa pagpapalakas ng kanilang sistemang pangkalusugan. Nadagdagan pa ng humigit-kumulang sa $1.9 trilyon ang pinapasan nilang utang pampubliko.

Nakatakdang sumabog ang krisis sa pautang. Umabot na sa $281 trilyon ang pandaigdigang utang. Ito na ang naitalang pinakamataas sa kasaysayan. Samantala, nadagdagan ng 9% o $24 trilyon ang pandaigdigang utang sa panahon ng pandemya.

Para makabayad sa utang ang mahihirap na bansa, kailangan nilang abandonahin ang mga programa para sa panlipunang serbisyo at kagalingan ng bilyun-bilyong mamamayan na nasasadlak sa grabeng kahirapan. Mas masahol ang konsekwensya ng kabiguang magbayad ng utang—nangangahulugan ito ng risgong di na makautang sa hinaharap. Ito ang masamang resulta ng bisyosong siklo ng walang katapusang pangungutang, paghihigpit ng sinturon at pribatisasyon sa ilalim ng neokolonyal na kaayusan. Ang mga pautang ng

***"Milyun-milyong pamilya ang nawasak ang kabuhayan dahil sa pagkawala ng hanapbuhay at lumalaking pagkakautang. Matinding tinamaan ng pandemya ang mga kababaihan, minoridad, mga may kapansanan, matatanda, refugees, migrante at katutubong mamamayan."***

mga imperyalistang bansa sa mga neokolonyal na bansa ay hindi pandugtong ng buhay kundi isang habambuhay na pagkakabilanggo ng mga nangungutang.

Ang pandemya na humawa na sa mahigit 127 milyong mamamayan sa daigdig ay nag-iwan ng mahigit sa 2.8 milyong patay at patuloy pang madaragdagan ito sa bawat araw na lumilipas. Matagalan ang iiwanan nitong marka sa sangkatauhan kahit na may nadiskubre nang mga bakuna para sugpuin ang pagkalat ng impeksyon sa harap ng bagong natutuklasang mga *variant* ng COVID-19 na higit na mabagsik at mabilis na makahawa.

Nagbabadya ang malawakang kagutuman. Ayon sa ulat ng UN World Food Program (WFP), maaaring umabot sa 265 milyon ang makararanas ng matinding kakapusan sa pagkain sa taong 2020. Resulta ito ng magkasamang epekto ng pandemya at pandaigdig na resesyon na sumira sa sistema ng suplay ng pagkain. May matagalang epekto ito sa kalusugan at nutrisyon na ang kalubhaan at saklaw ay hindi pa nangyayari sa nakaraang kalahating siglo. Sa US, dumoble ang bilang sa mga pamilyang dumaranas nang kawalang seguridad sa pagkain sa kalahatan, at naging triple sa mga pamilyang may anak dahil sa pandemya—ayon sa ulat ng Hunyo 2020 ng Institute for Policy Research na bumabatay sa datos ng US Census Bureau's Household Pulse Survey. Ang kawalang seguridad sa pagkain ay mas matindi sa hanay ng mga pamilyang Itim at Latino.

Sa kalahatan, kasing-lubha kung di man mas malubha ang epekto ng COVID-19 sa seguridad sa pagkain sa buong mundo. Ayon mismo kay WFP Director David Beasley sa kanyang ulat sa UN Security Council, ang daigdig ay nasa "bingit ng pandemya ng pagkagutom." Sa kasalukuyan, dumaranas na ng matinding tag-gutom ang may tatlong dosena ng mga bansa. Ang bilang ng mga taong nakararanas ng kronikong pagkagutom ay lumaki nang 130 milyon noong 2019 tungong 800 milyon, walong ulit ng kabuuang kaso ng nagkasakit ng COVID-19. Higit na bulnerable ang mga bansang apektado ng mga armadong labanan at pagbabago ng klima. Napipinsala ang anumang pagsisikap para tiyakin ang pandaigdig na seguridad sa pagkain dahil sa *climate change* na higit pang pinalubha ng pagkadiskaril ng produksyon partikular ng pagbagsak ng produksyon ng pagkain, pagtaas ng presyo, at pagkagambala ng transportasyon at distribusyon na nagreresulta ng malubhang kakapusan sa mga lokal na pamilihan.

Milyun-milyong pamilya ang nawasak ang kabuhayan dahil sa pagkawala ng hanapbuhay at lumalaking pagkakautang. Matinding tinamaan ng pandemya ang mga kababaihan, minoridad, mga may kapansanan, matatanda, refugees, migrante at katutubong mamamayan. Kasuklam-suklam ang di pagkakapantay-pantay sa akses sa bakunang COVID-19 kung saan sa 10 mayayamang bansa pa lamang naisagawa ang pagbabakuna ng 75% ng lahat ng dosis ng bakuna habang ang mahigit 130 bansa ay naghihintay pang masimulan ang pagbabakuna.

Kasumpa-sumpa ang pagharang ng mayayamang bansa sa daigdig sa pinakahuling pagsisikap ng mahihirap na bansa na pansamantalang iurong ng World Trade Organization (WTO) ang mga alituntunin na nagpoprotekta sa *intellectual property* para padaliin at pabilisin ang akses sa bakunang COVID-19. Mas pinahahalagahan ng mayayamang bansa ang kikitaing tubò ng kanilang mga kumpanyang parmasyutikal, kaysa ang pagkakamit ng pandaigdigang imyunidad at pangkalahatang kagalingan.

Isinusulong ng South Africa at India at sinusuportahan ng 57 bansa ang panukalang pag-urong ng kasunduang Trade Related Protections for Intellectual Property Rights (TRIPS), na sumasaklaw sa mga pangangailangang medikal habang may pandemya. Layon nitong pahintulutan ang mga umuunlad na ekonomya na simulan ang pagmamanupaktura ng mga gamot at bakuna nang hindi na hinihintay ang pagpapalisensya mula sa mga kumpanyang parmasyutikal na nagmamay-ari ng *intellectual property* sa mga nasabing gamot at bakuna.

Tinututulan at hinahadlangan ito ng US, EU, Canada at UK sa dahilang ang pagluluwag sa mga alituntunin sa *intellectual property,* kahit pansamantala, ay maaaring magbawas sa mga insentiba para sa pananaliksik ng mga korporasyon. Higit na nagiging iskandaloso ang ganitong pusisyon sa harap ng katotohanan na sa pondo ng publiko nagmumula ang ginagamit ng mga kumpanyang parmasyutikal para sa pananaliksik at pagtuklas ng mga gamot at bakuna.

Sa kasalukuyan, humigit-kumulang sa 5% ng pandaigdig na populasyon pa lamang ang nabakunahan. Aabot sa sangkatlo nito ay nasa US. Samantalang bumababa ang bilis ng nahahawahan ng COVID-19 sa US, mabilis naman itong tumataas sa lahat ng panig ng mundo. Hangga't hindi nakokontrol ang pandemya sa pandaigdigang saklaw, mananatili ang problema sa pampublikong kalusugan, dahil kahit masawata ang bayrus sa mayayamang bansa, ang patuloy na pag-iral ng bayrus sa ibang panig ng mundo ay maaari lamang humantong sa pag-usbong ng mas mapanghawa at higit na mapanganib na *mutation* at *variant* na magpapaatras sa mga naging pagsisikap tungo sa pandaigdigang imyunidad o kaya sa pagsiklab ng panibagong pandemya.

Higit sa anupamang panahon, ibayong umiigting ang lahat ng pangunahing kontradiksyon sa daigdig: iyong sa pagitan ng kapital at paggawa sa mga imperyalistang bansa, iyong sa hanay ng mga imperyalistang kapangyarihan, iyong sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan at ng mga inaaping mamamayan at bansa, at iyong sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan at ng ilang mga estado na naggigiit ng kanilang pambansang kasarinlan at sosyalistang adhikain.

Ibayong pinalakas ng pag-igting ng krisis ng pandaigdig na kapitalismo, ng neoliberalismo at ng pandemya ang samut-saring reaksyunaryong karahasan na nakaugat sa sistemikong rasismo at mga ideya ng superyoridad ng lahing puti tulad ng neo-Nazismo, *white supremacy* at terorismong nakatuon laban sa ibang lahi at etnosidad. Araw-araw ay lumalaki ang panganib sa mga karahasan at krimen laban sa mga lahing hindi puti. Pinapaypayan ang ganitong mga kilusan ng mga ultra-kanan na populistang rehimen na pinagbubuntunan ng sisi ang mga lahing may kulay ang balat at mga migrante na umaagaw diumano sa trabaho ng mga lahing puti.

Ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at ng pandemya ay nagbubunsod ng pagsiklab ng mga pakikibakang masa sa lahat ng panig ng daigdig. Sa maraming bansa, ginagamit ng mga naghaharing rehimen ang pandemya upang supilin ang mga pagtutol, kinokontrol ang midya at binubusalan ang mga kritisismo. Ipinatutupad ang mga paghihigpit para pigilan ang paglaganap ng COVID-19 subalit kaalinsabay, para pahinain ang politikal na oposisyon sa kanilang paghahari. Sinasangkalan nila ang pandemya para magpatupad ng marahas na mga hakbang para supilin ang mga pagtutol, ikriminalisa ang mga batayang kalayaan, patahimikin ang independyenteng pag-uulat at limitahan ang mga aktibidad ng mga organisasyong di gubyerno. Tinutugis, ikinukulong at ipinapailalim sa pagmamanman at pananakot ang mga tagapagtaguyod ng karapatang tao, mamamahayag, abogado, aktibista at kahit maging mga manggagawang pangkalusugan.

Sa gitna ng malawakang disempleyo at pandemya, mariing nilalabanan at tinututulan ng malalaking kapitalistang negosyo at monopolyong burgesya ang umento sa sahod ng masang manggagawa. Sa US, nagsasanib ng pwersa ang mga Republican at konserbatibong Democrats laban sa panukala ng mga tinaguriang progresibo't "Democratic Socialist" na itaas ang *federal minimum wage* sa $15 kada oras mula sa umiiral na $7.25 kada oras. Ginagamit nilang dahilan na ang pagtatakda o pagtataas ng *minimum* na sahod ay magtutulak sa maliliit na negosyo na mamili, alinman sa magtanggal ng mga manggagawang sumasahod nang mababa sa minimum o magsara ng kanilang negosyo. Isinasandal sa sulok ng sistemang kapitalista ang mga manggagawa sa dalawang pamimilian lamang: mababang sahod o walang sahod? Itinatambol ng mga monopolyo-kapitalista ang maling paniniwala na nasa interes kapwa ng mga manggagawang may mababang sahod at maliliit na negosyo na labanan ang pagtataas ng minimum na sahod.

Sa kabila nito, tumatangging magpaloko ang masang manggagawa sa demagohikong pananalita ng malalaking negosyo na nagtatago sa likod na "protektahan ang empleyo at maliliit na negosyo." Malakas na isinusulong ng masang manggagawa ang mga kahilingan para itaas ang *minimum* na sahod, seguridad




*Protestang nilahukan ng milyun-milyong Indian laban sa mga panibagong anti-magsasakang patakaran ng kanilang gubyerno.*

sa trabaho't proteksyon sa pook-trabaho. Naglulunsad sila ng mga protesta at welga para igiit ang mga kahilingang magpapabuti sa kanilang kalagayan at pusisyon. Sa maraming bansa, sumisiklab ang mga pakikibakang masa at protestang bayan sa mga lansangan laban sa matinding paghihikahos at kagutuman, pasismo, kawalang pagkakapantay-pantay, panunupil ng mga awtoritaryan na rehimen at neoliberal na imposisyon ng imperyalismong US.

Sa India, nagpapatuloy ang mga protesta't barikada ng milyon-milyong magsasaka laban sa neoliberalistang batas sa agrikultura na ipinatutupad ng gubyerno. Kanilang tinututulan ang mga batas na mapaminsala sa kabuhayan ng masang magsasaka at pabor sa malalaking agri-korporasyon na magkakaroon ng lumalaking kontrol at kapangyarihan sa pagsasaka.

Sa Chile, naipwersa ng sustenidong mga protesta at pag-aaklas ng mga mamamayan ang naghaharing rehimen na magpatawag ng isang plebisito na babaklas sa minanang awtoritaryan na konstitusyon na umiral mula pa sa panahon ng suportado-ng-US na diktadurang militar ni Augusto Pinochet. Sa napakalaking kalamangan, bumoto ang mamamayang Chilean na palitan ang kasalukuyang konstitusyon ng bansa para baklasin ang mga probisyong neoliberalista at pasista.

Sa Myanmar, walang tigil na nagpoprotesta at humuhugos sa kalsada ang mamamayan sa Yangon at iba pang mga siyudad para tutulan ang kudeta na inilunsad ng Tatmadaw—ang tawag sa militar ng Myanmar—laban sa demokratikong halal na mga kinatawan ng National League for Democracy (NLD). Inaresto at idinetine ng militar sina Presidente Win Myint at State Counsellor Aung San Suu Kyi kasama ang mga ministro, pangalawang ministro at mga kinatawan ng parlamento sa araw bago upisyal na maiproklama ang kanilang panalo. Tinutulan ng Tatmadaw ang resulta ng napakalaking kalamangan at panalo ng NLD sa pangkalahatang eleksyon noong Nobyembre 20, 2020 laban sa partidong sinusuportahan ng militar sa akusasyon ng malawakang pandaraya at iregularidad. Sa kabila ng matinding panunupil ng mga militar at pulis, nagpapatuloy ang mga protestang bayan at *civil disobedience* ng mga kawani ng gubyerno, manggagawang pangkalusugan, mga estudyante, manggagawa, magsasaka at iba pang maimpluensyang sektor ng lipunang Myanmar. Umani rin ng internasyunal na pagkundena ang kudeta laban sa demokratikong halal na gubyerno.



*May aktibistang nagbibigay ng bulaklak sa isang pulis sa isang aksyong protesta laban sa kudetang militar sa Yangon, Myanmar.*

Sa Russia, daan-daang libo ang nagprotesta sa lansangan ng Moscow at iba pang siyudad at nananawagan sa pagwawakas ng diktatoryal na rehimen ni Putin. Hindi napigilan ng marahas na panunupil ng mga pulis at pwersang panseguridad ng rehimen ang protestang bayan. Ang mga protestang ito ay sinindihan ng pag-aresto kay Alexei Navalny, lider ng liberal-burges na oposisyon na nagdadala ng anti-korapsyong krusada. Si Navalny rin ang sinubukang lasunin ng Novichok — isang gawang-Russia na *nerve agent* — ng mga hinihinalang ahente ni Putin. Pinasiklab nito ang napunong poot at galit ng mamamayang Ruso sa 20-taong paghahari ng rehimeng Putin, at naghapag din sila ng mga kahilingang lampas na sa itinataguyod ni Navalny. Malalim itong nakaugat sa matinding ligalig na umiiral sa hanay ng mga manggagawa at mamamayang Ruso dahil sa di pagkakapantay-pantay sa lipunan, tumataas na presyo ng mga batayang pangangailangan, mababang sahod, kawalang trabaho at masisilungang bubong, pagmamanman ng mga pulis, panunupil at pang-aabuso. Pinatingkad pa lalo ito ng kapabayaan ng gubyernong Putin na protektahan ang kagalingan ng mamamayan sa harap ng pandemya kung saan pang-apat ang Russia sa mga bansang may pinakamataas na kaso ng nagkakasakit ng COVID-19.

Sa US, nagbibigkis ang mga Itim, Latino, Asyano at mga migranteng manggagawa sa mga kilusan para labanan ang rasismo, diskriminasyon, *xenophobia* at sistematikong karahasan at brutalidad ng mga pulis sa mga lahing may kulay ang balat. Ibayong inudyukan at pinaypayan ng ultra-kanan at neo-pasistang rehimen ni Trump ang paglakas ng mga kilusang *white supremacist* laban sa mga lahing may kulay ang balat at mga migrante para maging tampulan ng karahasan



*Paglipad ng mga eroplanong pandigma ng US sa USS Reagan, isang aircraft carrier ng US Navy, sa West Philippine Sea.*

at paninisi sa krisis at malubhang disempleyo sa US. Ang nabigong insureksyong sinulsulan ni Trump noong Enero 6, 2021 para salakayin ang Capitol Building at pigilan ang deklarasyon ng pagkapanalo ni Biden bilang bagong presidente ay naglalantad sa malalim na krisis at polarisasyon sa lipunang US at sa ilusyon ng Kanluraning demokrasya na inilalako ng US bilang pandaigdig na modelo sa demokratisasyon ng mga lipunan.

Mabilis na tumatalim ang mga inter-imperyalistang kontradiksyon, partikular ng umiigting na ribalan at pagsusukatan ng lakas sa pagitan ng US at China. Ikinagagalit ng US na ginamit ng China ang suporta ng estado sa mga empresang pag-aari at pinatatakbo ng mga monopolyong burukrata-kapitalistang Tsino para kamtin ang estratehikong mga layunin sa ekonomya at militar. Pinagsisisihan ng US ang naging kapalit sa mga ibinigay nitong konsesyon sa China sa usapin ng mga pamumuhuan, kalakalan at paglilipat-ng-teknolohiya na nag-angat sa huli para maging pangunahing karibal ng una.

Naggigirian ang US at China sa inumpisahang gerang pangkalakalan ng US para pawiin ang sarplas at kalamangan ng China sa kalakalan. Binabantaan naman ng agresibong posturang militar ng China na kontrolin ang kalakhang bahagi ng South China Sea batay sa mapa na *nine-dash line* na humahamon sa hegemonya't kontrol ng US sa ruta ng kalakalang pandagat sa karagatang Asya-Pasipiko. Hinahamon din ng US ang iligal na pagtatayo ng China ng mga istrukturang militar sa mga bahura at isla na saklaw ng Spratly Islands at Scarborough Shoal sa West Philippine Sea sa pamamagitan ng pagpapaigting ng mga patrulyang dagat at himpapawid sa ngalan ng diumano'y kalayaan sa paglalayag.

Kapwa naman pinalalakas ng US at China ang kani-kanilang mga alyansa sa larangang ekonomiko at militar. Nananatili pa rin ang kontrol ng US sa United Nations at mga multilateral na mga ahensya ng IMF, World Bank at WTO at sa NATO't iba pang alyansang militar. Pinalalakas naman ng China ang alyansa sa Russia at pinalalawak ang alyansang ito sa mga bansang bumubuo ng blokeng BRICS (Brazil, Russia, India, China at South Africa), BRICS Development Bank, Asian Infrastructure Investment Fund (AIIF) at sa Belt and Road Initiative.

Sa pagtindi ng ribalan ng US at China, agresibong gumagawa ng maniobra at kontra-maniobra ang isa't isa para palakasin ang kani-kanilang geo-pulitikal na pusisyon relatibo sa isa't isa. Pinalalakas ng US ang pusisyon at impluensya sa rehiyong Indo-Pacific sa pamamagitan ng pagbubuo ng Quadrilateral Security Dialogue na binubuo ng Australia, Japan, India at US—na layuning itatag at palakasin ang alyansang militar ng US sa India sa harap ng pagsiklab ng labanan sa pagitan ng India at China sa pinag-aagawang teritoryo sa Galwan Valley sa Himalayas.

Sa isang banda, patuloy na pinalalakas ng China ang pwersang nabal na tinatayang mapantayan kung di man ungusan ang US sa pagsapit ng 2049. Binabantaan nito ang dominanteng pusisyon ng US sa rehiyon ng Indian Ocean. Minamantine ng China ang *network* ng mga base militar tulad ng base nabal sa Djibouti at mga pasilidad pangkomersyo sa kahabaan ng baybayin mula mainland China hanggang Port Sudan sa Horn of Africa. Sinasaklaw ng mga rutang ito ang mayor na mga *choke points* tulad ng mga Strait ng Mandeb, Malacca, Hormuz at Lombok, gayundin sa mga estratehikong sentrong pandagat sa Pakistan, Sri Lanka, Bangladesh, Maldives, at Somalia. Kakabit ito ng isinusulong ni Xi Jinping na China-Pakistan Corridor at Belt and Road Initiative.

Pinauunlad din ng China ang teknolohiya at kapabilidad sa *land-based intermediate range missile system* na kayang armasan ng *nuclear warhead* upang maging pamigil o *deterrence* sa agresibong postura ng US sa rehiyong Indo-Pacific. Ang mga kaganapang ito ay pag-eensayo para sa pagsusukatan ng lakas sakaling pumutok ang aktwal na mga komprontasyong militar.

Samantala, patuloy na ipinapasa ng mga imperyalistang bansa ang krisis ng labis na produksyon sa mga reaksyunaryong kliyenteng estado sa mga di maunlad na bansa. Sa gayun, pinalalala ang mga kontradiksyon sa mga aping mamamayan at bansa. Nasusuklam ang mamamayan sa pagpapalubha ng imperyalismo sa atrasadong kundisyon ng mga bansa na nasa




di-maunlad na Katimugang mga Kontinente. Palagiang binabagabag ang mga estadong ito ng lumalaking pagkalugi sa kalakalan at balanse sa bayaran sanhi ng mga ipinapataw na di pantay na mga kasunduan sa kalakalan at ekonomiko at sa mabigat na pasaning utang. Nililikha ng mga kundisyon ng imperyalistang pagsasamantala ang paglitaw ng mga kilusan na nagsusulong ng pakikibakang anti-imperyalista at nagnanais na lumaya sa kuko ng imperyalismo. May ilang bayan kung saan ang mga rebolusyonaryong partido ng proletaryado at mamamayan ay nagpupunyagi sa armadong rebolusyon para sa pambansa at panlipunang paglaya. Tumitingala at humahalaw ng halimbawa sa kanila ang lahat ng aping mamamayan at bansa sa daigdig.

Patuloy ring naninindigan at naggigiit ng pambansang kasarinlan at sosyalistang adhikain ang ilang mga estado ng di maunlad na bayan. Kabilang dito ang Demokratikong Republikang Bayan ng Korea, Cuba at Venezuela. Matatag silang tumitindig at lumalaban sa imperyalistang blokeyong militar at pang-ekonomya at mga banta ng agresyon.

Matatag na binibigo at nilalabanan ng mamamayan at naghaharing Korean Worker's Party ng DPRK ang 70-taong blokeyong militar at pamamarusang pang-ekonomya ng US. Sa ilalim ng patakarang Juche, matagumpay nitong naitatag ang isang ekonomyang umaasa-sa-sarili at pinangibabawan ang kagutuman sa panahon ng masamang ani. Matagumpay nitong naitatag at napaunlad ang pambansang kapabilidad militar at teknolohiyang nukleyar bilang pamigil sa agresyong militar ng US alinsunod sa patakarang Songun—isang posturang militar na malalim na nakaugat sa paglaban sa panlabas na banta para ipagtanggol ang kasarinlan ng Korea.

Sa Cuba, patuloy na hinahawakan ng mamamayang Cubano at naghaharing partido ng proletaryado ang mga tagumpay ng rebolusyong Cubano na pinamunuan ni Fidel Castro at Che Guevara. Matatag nilang hinaharap at nilalabanan ang ipinataw na pamamarusang ekonomiko at blokeyo ng imperyalismong US upang pahinain at sabotahehin ang ekonomya at lipunang Cubano. Sa kabila ng imperyalistang panggigipit, naitatag ng Cuba ang kumprehensibong sistema ng pampublikong kalusugan at mga pag-unlad ng syensya sa larangan ng medisina at *biotechnology.*

Kapuri-puri ang internasyunalistang diwa na ipinapakita ng Cuba at mamamayang Cubano sa daigdig. Sa loob ng anim na dekadang pakikipagtulungan sa mga bansa sa ibayong dagat, natulungan ng mga manggagawang medikal ng Cuba ang halos 2 bilyong mamamayan ng daigdig, humigit-kumulang na sangkatlo ng sangkatauhan.

Nang pumutok ang pandemya, mahigit 30,407 na mga Cubanong nasa propesyong medikal ang ipinadala sa 66 na mga bayan at bansa sa Europa, Latin America, Caribbean, Africa, Asya at Gitnang Silangan. Permanenteng nahahati-hati ang mga ito sa mga brigadang pangkalusugan at Henry Reeve Contingent na laging nakahandang tumugon sa bawat kahilingan ng mga bansang nangangailangan. Ang Cuba ang namumukod-tanging di maunlad na bansa na nakapagtuklas ng sariling bakuna laban sa COVID-19.

Sa Venezuela, matatag na nilalabanan ng gubyernong Maduro ang mga panggigipit at blokeyong pang-ekonomya ng US para parusahan ang gubyerno at mamamayang Venezuelan sa naging paglansag sa kontrol ng mga multinasyunal na korporasyong US sa industria ng langis na sinimulan ni Hugo Chavez at ng Rebolusyong Bolivarian—isang proseso na naglipat sa kamay ng kolektibong aspirasyon at kagustuhan ng mamamayan ang pagpaplano sa ekonomya mula sa kamay at interes ng kapital. Matagumpay nitong binigo ang mga pakanang kudeta at interbensyong militar ng US sa pamamagitan ng maka-Kanang lider-oposisyon na si Juan Guaidó. Matatag na tinatalunton ng gubyernong Maduro ang landas para sa sariling pagpapasya at kasarinlan laban sa US.

Ang pagtalim ng mga pangunahing kontradiksyon sa daigdig ay naglalagay sa rebolusyong Pilipino sa napakainam na sitwasyon para ibayong magpalakas. Nasa gitna tayo ngayon ng transisyon tungo sa muling paglakas ng pandaigdigang pakikibaka laban sa imperyalismo at pagsulong ng mga pakikibaka para pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalismo.

Ang mahigit limang dekadang pagpupunyagi ng CPP-NPA-NDFP sa armadong rebolusyon ay tanglaw na nagbibigay ng inspirasyon sa maraming sambayanan sa mga di maunlad na

bayan na posibleng magsulong ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan, magpreserba sa sarili at patuloy na makapagpalakas sa larangang ng ideolohiya, pulitika, organisasyon at militar habang magiting na nilalabanan ang imperyalismo at mga kasapakat na lokal na mga naghaharing uri.


Kakailanganin ng rebolusyong Pilipino at lahat ng mga armadong kilusan para sa pambansang pagpapalaya sa maraming bansa ng lahat na makukuhang internasyunal na suporta para gapiin ang imperyalismo at kamtin ang ganap na tagumpay ng rebolusyon sa kani-kanilang saklaw. Sa kontekstong ito, internasyunalistang tungkulin ng rebolusyong Pilipino na mag-ambag ng ganang kanya para sa muling pagdaluyong ng pandaigdig na rebolusyong proletaryo sa panahon ng napakatinding ligalig sa maraming sambayanan at lipunan sa daigdig dulot ng krisis ng pandaigdigang kapitalismo at pandemya.

Tinatawagan ng Partido ang lahat ng mga rebolusyonaryong Pilipino na ibayong magpakatatag at tanggapin ang hamon ng masakripisyong buhay para ibagsak ang kasalukuyang rehimeng Duterte at dalhin ang rebolusyong Pilipino sa ganap na tagumpay. Ito ang ating dakilang internasyunalistang tungkulin sa mga mamamayan ng daigdig at sa sambayanang Pilipino.

## II. Krisis ng naghaharing sistema sa Pilipinas at ang rehimeng Duterte

Sa ilalim ng pasista at tiranikong paghahari ng rehimeng US-Duterte, patuloy na nalugmok ang mamamayan sa labis na paghihikahos, kaapihan at pagdurusa. Ibayong nasadlak ang sambayanan sa kumunoy ng kahirapan dahil sa inutil at kriminal na kapabayaan ng rehimen sa pagharap at pagbibigay ng lunas sa krisis ng pampubikong kalusugan resulta ng pagtama ng pandemyang COVID-19. Ibinunga nito ang paralisasyon ng komersyo, transportasyon at operasyon ng mahahalagang negosyo't empresa habang milyun-milyong mamamayan ang nawasak ang kabuhayan at daan-daang libo ang nawalan ng trabaho sa ipinatupad nitong malupit na *lockdown*—ang pinakamahaba sa mga bansang nagpatupad ng ganitong hakbangin sa daigdig.

Habang patuloy na sumusuray at nagdurugo ang ekonomya ng bansa, buong kahangalan namang ginagamit ng rehimen at mga militarista ang pandemya upang magpatupad ng higit na mapanupil na gerang henosidyo laban sa mamamayan sa ngalan ng "anti-komunismo at anti-terorismo." Sa halip na iukol ang kulang na kulang na pondo at rekurso para lutasin ang mga pugwang sa sistema ng pampublikong kalusugan at kung papaano episyenteng ihahatid sa nangangailangang mamamayan ang ayuda at subsidyo, prayoridad ng rehimen ang pagwawaldas ng bilyun-bilyong pondo sa modernisasyon ng AFP at PNP para sa gerang kontra-rebolusyonaryo at sa pagpopondo sa batbat-ng-korapsyon na mga proyektong Build, Build, Build ng rehimen.




Higit na inilantad ng pandemyang COVID-19 ang istruktural na depekto ng dati nang sadsad at balot-sa-krisis na sistemang panlipunan sa Pilipinas. Mabilis na nahubad ang hungkag na mga pangako ng kaunlaran sa ilalim ng mahigit apat na dekadang pag-iral ng neoliberalistang rehimen sa Pilipinas. Patuloy na pinadudugo ng neoliberal na patakarang deregulasyon, liberalisasyon at pribatisasyon ang malakolonyal at malapyudal na ekonomya ng bansa at ibayong ibinulid nito ang Pilipinas sa pagiging atrasado, agrikultural, pre-industrial at palaasa sa dayuhan at lokal na pangungutang.

Labis na nakasandig ang ekonomya ito sa pagluluwas ng murang hilaw na mineral, troso, mga pang-eksport na pananim at bahagyang prinosesong manupaktura na may mababang dagdag-na-halaga habang mabigat na umaasa sa importasyon ng mas mahal na mga makina at kagamitan sa produksyon at mga pyesa para sa asembli ng mga komponenteng elektroniks at makina sa mga *sweat shop* na nasa *export processing zones* at *special economic zones* bukod sa mga inaangkat para sa luho ng mga naghaharing-

uri. Iniluluwal ng sistemang ito ang taunang pagkalugi sa kalakalan at bayaran at depisito sa taunang badyet ng gubyerno. Para tapalan ang mga pagkalugi, kailangan nitong umasa sa pangungutang sa mga dayuhan at lokal na mga institusyong pampinansya sa isang walang katapusang siklo na patuloy na naglulubog sa buong ekonomya sa kumunoy ng utang.

Sapul nang umakyat sa kapangyarihan si Duterte, ibayong sumahol ang ekonomya ng bansa. Palalim nang palalim itong nalulubog sa utang. Nitong 2020, ang resyo ng utang sa GDP ay pumaimbulog sa 54.4% kumpara sa kulang sa 50% noong 2011 at 39.6% noong 2019 bago tumama ang pandemya. Ito ang pinakamataas sa nakaraang 14 na taon. Sa taong 2021, nakatakdang higit na tumaas ang resyo ng utang sa GDP ng Pilipinas tungong 57% dahil sa nakaprogramang kabuuang uutanging P3.03 trilyon. Malapit na nitong pantayan ang pinakamataas na naitalang 58.8% noong 2006. Ang resyo ng utang sa GDP ay sukatan ng kakayahan ng isang bansa na bayaran ang pagkakautang at ng istabilidad ng pambansang ekonomya.

Sa taong 2020, tumaas sa 14.2% ang pagseserbisyo sa utang ng bansa tungong P962.47 bilyon mula sa P842.449 bilyon noong 2019—kung saan ang P380.41 bilyon ay bayad sa interes na 39.5% ng amortisasyon. Noong Disyembre 2020 lamang, halos nadoble ang binayarang utang ng bansa mula P37.19 bilyon tungong P73.78 bilyon ng sinundang taon. Umakyat sa 498% tungong P48.44 bilyon noong Disyembre 2020 ang binayaran ng Pilipinas na amortisasyon sa pambansang utang mula P8.1 bilyon na naitala noong Disyembre 2019. Sa parehong panahon, ang binayarang interes sa utang ng gubyerno ay umabot na sa P25.33 bilyon o 34% ng kabuuang sinerbisyuhang utang.

Sa pagtatapos ng Nobyembre 2020, umabot na sa P10.13 trilyon ang utang ng bansa, mas mataas na 31.4% sa naitalang utang na P7.73 trilyon sa parehong panahon noong 2019. Itinulak ito ng papalaking pangungutang para pondohan ang paglaban sa pandemyang COVID-19. Ang 71% ng kabuuang utang nitong




2020 ay galing sa panloob na utang, mas mataas sa nairehistrong 66.3% noong 2019. Samantala, ang 29% ang bumubuo ng utang panlabas.

Nitong Enero 2021, umakyat sa panibagong rurok ang utang ng bansa tungong P10.33 trilyon. Sa buwan ng Enero lamang, umabot sa kabuuang P630.87 bilyon ang netong utang ng bansa mula sa Bangko Sentral ng Pilipinas at sa pagbebenta ng bono at *treasury bill.* Ang utang panloob ay tumaas nang 9.4 porsyento sa buwan ng Enero at tumalon nang mas mabilis sa 43 porsyento mula Enero 2020. Para sa taong 2021, uutang ang pambansang gubyerno ng kabuuang P3.03 trilyon. Ibayo nitong itutulak ang netong utang ng bansa sa mahigit P11 trilyon sa pagtatapos ng taon.

Plano ng gubyerno na maglikom ng dagdag na $23.71 bilyon (P1.14 trilyon) mula sa panlabas na mga pagkukunan para dugtungan ang depisito sa badyet at ponduhan ang mga prayoridad na proyekto sa taong ito. Nahahati ito sa $7.67 bilyon (P368 bilyon) sa anyo ng utang at ayuda mula sa mga *multilateral* na institusyon, $10.54 bilyon (P506 bilyon) mula sa *bilateral* na pagkukunan at $5.5 bilyon (P264 bilyon) mula sa pamilihang komersyal ng bono, seguro, sanla at *treasury bills*. Ito ay 39% mas mataas sa nalikom ng gubyerno na $17.01 bilyon o P817 bilyon sa nakaraang taon para sa susing mga proyektong pang-imprastruktura at para tapalan ang depisito sa badyet resulta ng paggasta ng estado sa paglaban sa COVID-19. Ang $8.06 bilyon o P387 bilyon ng halagang ito ay ilalaan para sa pangangailangan ng badyet samantalang ang matitirang $15.65 bilyon o P751 bilyon ay ilalaan para sa mga proyekto sa imprastruktura.

Para pondohan ang plano ng DOH na bakunahan ang 100 milyong Pilipino hanggang 2023, nangangailangan ito ng di kukulangin sa $1.3 bilyon na uutangin mula sa World Bank (WB), Asian Development Bank (ADB) at Asian Infrastructure Investment Bank (AIIB).

## NETONG UTANG NG PILIPINAS SA 2021

# HIGIT P11 TRILYON

Target nitong bakunahan ang 23.35 milyong Pilipino ngayong taon, 44.63 milyon sa 2022 at 41.77 milyon sa 2023 dahil sa panahong ito, inaasahang magiging 112.89 milyon na ang populasyon ng Pilipinas.

Malaking duda kung matutugunan ng gubyernong Duterte ang target nito. Hanggang sa kasalukuyan, mga donasyong bakuna pa lamang ang dumating sa Pilipinas—ang 600,000 dosis ng Sinovac mula China at ang aabot sa 525,600 dosis naman ng AstraZeneca mula Germany, European Union, Norway, France, Italy, Spain, Netherlands, Sweden, Denmark, Austria, Greece at Australia sa ilalim ng *COVAX facility* ng UN—habang wala pang katiyakan kung kailan darating ang karagdagang bakuna na bibilhin sa iba pang malalaking kumpanyang parmasyutikal. Hanggang Marso 18, 240,297 mga Pilipino pa lamang ang nababakunahan ng panlaban sa COVID-19 na katumbas lamang ng 13,350 nababakunahan kada araw. Sa itinatakbong tantos ng pagbabakunang ito, aabot ng 14 na taon bago pa matupad ang napakaambisyosong target ng gubyerno na mabakunahan ang 70 milyong Pilipino sa pagtatapos ng 2021.

Pinapayapa lamang ng rehimen ang mamamayan sa pagpapaasa ng pagdating ng bakuna mula sa katransaksyong mga kumpanyang parmasyutikal. Sa katotohanan, hahagilapin at uutangin pa ang pondong ipambibili ng bakuna gayung bilyun-bilyong pondo ang inilalaan at winawaldas ng rehimen sa pagbili ng makabagong armas at kagamitang pandigma para sa kontra-rebolusyonaryo at kontra-mamamayang gera nito.

Ang panibagong pagbulwak ng impeksyon ng COVID-19 ngayong buwan ay maituturo lamang sa hangal, mapusok at iresponsableng sulsol ng mga *economic manager* ni Duterte na may suporta ng malalaking kapitalistang negosyo at kroni, na madaliing buksan at ibalik sa normal ang ekonomya sa ngalan ng nawawalang kita, kurakot at tubò nang walang sapat na garantiya sa kagalingan ng mamamayan sa harap ng paglitaw ng impeksyon ng higit na mabagsik na bagong mga *variant* sa Pilipinas tulad ng UK, South African, Brazilian at Philippine *variants*. Ni walang paraan ang rehimen na subaybayan ang dami ng nakukumpirmang impeksyon mula sa bagong mga *variant* dahil sa kakapusan ng mga kagamitan para gawin ang *genomic sequencing.*

Mula lamang Marso 4-10, naitala ang 25,009 na bagong impeksyon—ang pinakamataas sapul na nagsimula ang pandemya. Nanatiling kasing sama pa rin ang sitwasyon sa sumunod na linggo mula Marso 11-17. Mas malubha pa ang larawang ito kung ihahambing sa mga karatig na bansa sa ASEAN na tulad ng Pilipinas ay may naitala ding impeksyon ng bagong mga *variant* subalit patuloy na nagagawa ng nasabing mga gubyerno na mapababa ang tantos ng impeksyon. Ang Pilipinas ngayon ang nangunguna sa pagdami ng impeksyon ng COVID-19 sa buong rehiyong Asya-Pasipiko. Ang ekonomya rin nito ang may pinakamasahol na perpormans sa buong ASEAN.

Para isalba ang bangkaroteng ekonomya, garapal ang paninikluhod ng rehimen sa imperyalistang US at China. Tusong ginagamit ni Duterte ang baraha ng China upang makapiga ng papalaking ayudang militar at ekonomiko sa US. Pawang pagpostura lamang ang bukambibig ni Duterte na tatapusin ang kasunduan sa VFA. Sa katunayan, pinatataas lamang ni Duterte ang presyo ng kanyang paninikluhod sa US. Sa halagang $16.4 bilyong dolyar, handang ibenta ni Duterte ang soberanya at teritoryal na integridad ng bansa kapalit ng pagpapatuloy ng VFA, mga bulok at pinaglumaang kagamitang militar, at mga ayuda sa bangkaroteng ekonomya ng bansa.

Samantala, pikit-mata ang rehimen sa panghihimasok ng China sa *exclusive economic zone* na nasa *extended continental shelf* ng Pilipinas sa West Philippine Sea. Lampa itong pigilan ang pagpasok ng China sa mga isla at bahura sa Spratly Islands na saklaw ng Pilipinas at bahag ang buntot nitong ipagtanggol ang mga mangingisdang Pilipino mula sa marahas na pagtataboy at pagsalakay ng Chinese Coast Guard sa mismong sariling teritoryo. Sa katulad na paraan, handa ring isuko ng rehimen sa China ang soberanya at teritoryal na integridad ng bansa sa West Philippine Sea kapalit ng pamumuhunan, ayuda at mga pautang ng China para ponduhan ang batbat-sa-anomalyang mga proyektong Build, Build, Build.

Sa mahigit na apat na taong panunungkulan ni Duterte, sumamâ nang walang kaparis ang kabuhayan ng mamamayang Pilipino. Bumagsak ang GDP ng bansa nang 9.5% noong 2020. Ito na ang pinakamasahol na naranasang resesyon






*COVID checkpoint sa Gumaca, Quezon na binabantayan ng mga tropa ng 201st Infrantry Brigade ng AFP.*

matapos ang WW II sa gitna ng pag-iral ng mahabang pandemya.

Bunga ng mga palsong pamamalakad at patakaran sa ekonomya, hinayaan ng rehimeng Duterte ang pagbalik ng istagplasyon—isang kalagayan na sabay na umiiral ang isang tigil-sa-paglagong ekonomya at mataas na implasyon. Sinasalamin nito ang pumapaimbulog na presyo ng mga pangunahing bilihi't serbisyo at malaking kakapusan ng suplay bunga ng pagkagambala ng produksyon. Dahil sa pagpapairal ng pinakamatagal na militaristang *lockdown*, halos tumigil ang produksyon sa mahahalagang aspeto ng ekonomya, kabi-kabilang nagsara ang mga empresa at negosyo at pinaralisa ang komersyo at transportasyon.

Kaalinsabay, milyun-milyon ang nawalan ng trabaho at nawasak ang kabuhayan. Sa pinalabnaw at napakakonserbatibong datos ng gubyerno, inamin nito na may 4 na milyong Pilipino ang nawalan ng trabaho nitong Enero 2021 na katumbas ng 8.7% tantos ng disempleyo—mas mataas ito ng 65% kaysa noong Enero 2020 nang nagsisimula pa lamang ang pandemya. Mas mataas din ito sa 3.8 milyong walang trabaho noong Oktubre 2020 at 2.4 milyon noong Enero 2020. Samantala, may kabuuan pang 6.6 milyon ang naitalang kulang sa trabaho o pinagkakakitaan nitong Enero 2021 na katumbas ng 16% tantos ng kakulangan sa trabaho. Mas mataas ito sa 5.7 milyong naitalang kulang sa trabaho noong Oktubre 2020 o 14.4% tantos ng kulang sa trabaho. Sa buong bansa, ang Calabarzon at rehiyong Bikol ang nagtala ng pinakamataas na tantos ng disempleyo na 13.1% at 11.3% ayon sa pagkakasunod. Sa isang banda, ang tantos ng kulang sa trabaho sa Calabarzon ay nasa 15.1% at 25% naman sa Bikol sa parehong panahon.

Subalit ayon sa IBON, ang krisis sa trabaho sa Pilipinas ay mas malubha kaysa inaamin ng gubyernong Duterte. Sa sariling pananaliksik ng IBON, umabot na sa 14 milyon ang walang trabahong mga Pilipino liban pa sa 6-7 milyong kulang sa trabaho. Dapat ding bilangin ang milyun-milyong tambay na tumigil na sa paghahanap ng trabaho. Ang tunay na tantos ng kawalang trabaho sa bansa ay nasa 29% at hindi bababa sa kalahati ng pwersa sa paggawa ay balisa at nababahala dahil sa kawalang seguridad sa trabaho at pagtaas sa gastos ng mga pangangailangan sa araw-araw.

Nitong Pebrero 2021, umakyat ang tantos ng implasyon sa buong bansa tungong 4.7% mula sa 4.2% ng Enero 2021. Ang implasyon ay sukatan kung gaano kabilis tumataas ang pangkalahatang presyo ng mga bilihin. Sa CALABARZON, umakyat sa 5.8% ang abereyds na tantos ng pagtaas ng presyo nitong Pebrero 2021, samantalang 5% ito sa MIMAROPA noong Enero 2021.

Ang naitalang 4.7% tantos na implasyon sa buong bansa ang pinakamataas sapul ng Pebrero 2019 at lumampas na sa target ng gubyerno na 2 hanggang 4 na porsyento. Ito rin ang pinakamataas sa buong Timog-Silangang Asya. Isa sa dahilan nang di makontrol na pagsirit ng presyo ng mga bilihin ay ang 2017 TRAIN Law na nagtaas sa *excise tax* sa mga produktong petrolyo na sinabayan ng mataas na pandaigdigang presyo ng petrolyo at mahinang piso. Itinulak nito ang malaking pagtaas ng presyo ng pagkain partikular ng bigas, gulay at karne habang sinusundan naman ng pagtaas ng presyo sa transportasyon.

Samantala, sa halip na buhayin ang produksyon at magpatupad ng mga insentibo at subsidyo para sa maliliit na prodyuser, ipinatupad ng rehimen ang mga reporma sa pagbubuwis na pabor sa malalaking negosyo habang labis na pahirap sa karaniwang mamamayan. Sa tabing ng pagpapasikad ng ekonomya sa gitna




ng pandemya, itinutulak ng rehimeng Duterte ang Corporate Recovery and Tax Incentives for Enterprises (CREATE) para tiyakin ang malaking tubò ng mga kapitalista sa pamamagitan ng pagkakaltas sa ibinabayad na buwis ng mga korporasyon mula 30% tungong 25% para sa malalaking negosyo at 20% para sa maliliit na negosyo. Inaakala ni Duterte na sa pagbibigay ng mga insentibo at eksempsyon sa pagbubuwis sa mga korporasyon ay maaakit ang dayuhan at lokal na pamumuhunan at lilikha ng opurtunidad sa pagbangon ng ekonomya.

Sa isang banda, walang nailalaan na ayuda at panagip na programa ang rehimeng Duterte sa 14 na milyong Pilipino na walang trabaho ayon sa sariling pananaliksik ng IBON, na malayung-malayo sa inaamin ng gubyerno na hindi bababa sa apat (4) na milyong walang trabaho sa Pilipinas. Hindi dahil sa hindi nito kaya, kundi tumatanggi itong maglaan ng ayuda at suporta sa mga nawalan ng hanapbuhay. Ang 18 milyong pinakamahihirap na pamilya ay hindi na makagulapay sa walang kapantay na paghihikahos bunga ng pagkawala ng ikinabubuhay resulta ng pandemya at *lockdown.* Hindi sila nakatatanggap ng sapat na ayuda mula sa reaksyunaryong gobyerno.

Sa panukala ng Kongreso na P420-bilyong ayuda sa ilalim ng di pa naipapasang Bayanihan 3, kulang na kulang ang P10,000 kada buwan para dugtungan ang kagipitan ng mga pinakamahihirap sa loob ng tatlong buwan. Sa nasabing panukalang batas, malaking kapos ang P52-bilyong panukalang subsidyo sa pasahod ng Department of Labor and Employment (DOLE) para ayudahan ang 2-3 milyong manggagawa sa maliliit at katamtamang-laking mga negosyo gayundin ang P30-bilyong *cash-for-work* at ayuda sa mga nawalan ng trabaho, at ang P108-bilyon para sa *emergency cash transfer*.

Tinututulan ito ng mga *economic manager* ni Duterte na di nakikita ang pangangailangan na patuloy na magbigay ng ayuda kundi sa halip, ng pangangailangang buksan ang malaking bahagi ng ekonomya sa pinakamaagap na panahon. Kung tutuusin may sapat na pondo na mailalaan sa ayuda mula sa nakuhang P641 bilyon na mga bagong pautang at *grant* subalit bahagi lamang nito ang inilalaan sa pagbili ng bakuna at ang mayor na bahagi ay para sa rekoberi ng ekonomya.




Dagdag na pinahihirapan ang mamamayan na nawalan ng kita at kabuhayan ng kakapusan sa pagkain at pagsirit ng presyo ng mga bilihin. Sa halip na buhayin ang produksyon, nilulutas ito ng rehimen sa higit na deregulasyon at liberalisasyon ng ekonomya. Tinanggal ng rehimeng Duterte ang *minimum access volume* (MAV) sa importasyon ng karne ng baboy at bigas habang binawasan naman ang taripa. Kamakailan lamang nalantad kung papaano pinagkikitaan ng sindikato sa Department of Agriculture (DA) ang importasyon ng karneng baboy. Tinatayang kumikita ang sindikatong ito ng P6 bilyon bawat taon bilang kikbak mula sa pagtataas ng MAV tungong 400,000 metriko tonelada (mula 54,000) para sa mga *imported* na karneng baboy at pagbabawas ng taripa hanggang 5 porsyento. Kumukolekta ang sindikatong ito mula P5-7 sa bawat kilo ng *imported* na karne sa ilalim ng sistemang tongpats ng DA.

Ang abot-langit na pagtaas ng presyo ng karne ng baboy ay resulta ng malaking kakapusan ng suplay dahil sa *pandemic* na African Swine Fever (ASF) na bumura sa mahigit 36% o mahigit sangkatlo ng populasyon ng baboy sa bansa. Nitong Enero lamang, lumobo ang presyo ng karne ng baboy sa Metro Manila nang 68-77%. Tumaas din ang presyo ng karneng manok dahil sa paglipat ng mga mamimili sa pagkonsumo ng manok bilang panghalili sa karneng baboy.

Nagpatupad si Duterte ng kontrol sa presyo ng karneng baboy nang hindi mapagpasyang pinipigilan ang ASF at ibinabangon ang lokal na industria ng baboy. Inakala ni Duterte at mga *economic manager* niya na masisuweto ng isang administratibong hakbang ang mga pwersa ng merkado at batas ng suplay at *demand.* Sa halip, napwersa lamang ang maliliit na manininda ng karneng baboy na tumigil sa pagbebenta kaysa malugi dahil hindi naman bumaba ang presyo ng baboy mula sa mga suplayer ng maliliit na manininda. Manapa'y lumaki pa ang gastos sa distribusyon ng buhay na baboy na nagmumula sa Mindanao para dalhin sa Luzon na ipinapatong bilang dagdag na presyo ng mga suplayer.

***"Maling ibinubunton ng rehimen ang sisi sa "insurhensya" sa pagkaatrasado ng bansa at sa nagaganap na krisis sa lipunan gayung ang mismong kahirapan, korapsyon, pang-aapi at pagsasamantala ng mga lokal na naghaharing uri ang ugat ng 'insurhensya' sa Pilipinas."***

Hindi nilulutas ng *price control* at pagbababâ ng taripa ng mga *imported* na karneng baboy ang kakulangan ng lokal na suplay. Sa halip, pinapatay lamang nito ang lokal na industria habang ang mga mamamayang nawalan ng trabaho at kabuhayan ay walang maipambili kahit artipisyal na kinokontrol ang tingíng presyo *(retail price)* ng mga bilihin.


Ibayong pinaiigting ng rehimeng Duterte ang burukratikong kurakot at nagkakandarapa sa paghahagilap ng madadambong na pondo. Sa pag-aaral ng Transparency International, bumagsak ang Pilipinas sa pang-115 pwesto sa kabuuang 180 bansang sinuri sa korapsyon para sa taong 2020 mula sa dating pang-113 pwesto noong 2019 at pang-99 pwesto noong 2018. Kamakailan lamang, isinabatas ni Duterte ang Republic Act 11524 o Coconut Farmers and Industry Trust Fund Act para ligal na kontrolin at nakawin sa 2 milyong magniniyog ang P75 bilyong *coco levy fund* at mga ari-ariang naipundar mula sa *coco levy fund* sa tabing ng "pagpapaunlad at rehabilitasyon" ng industria ng niyog.

Maling ibinubunton ng rehimen ang sisi sa "insurhensya" sa pagkaatrasado ng bansa at sa nagaganap na krisis sa lipunan gayung ang mismong kahirapan, korapsyon, pang-aapi at pagsasamantala ng mga lokal na naghaharing uri ang ugat ng "insurhensya" sa Pilipinas. Ang kronikong krisis ng malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan sa Pilipinas ang matabang lupa na nagtutulak sa mamamayan na hanapin ang rebolusyonaryong solusyon sa armadong pakikibaka para radikal na baguhin ang lipunan at kanilang abang kalagayan. Isinisisi rin ng rehimeng Duterte ang pagkaatrasado ng bansa sa progresibong pagbubuwis ng rebolusyonaryong kilusan sa malalaking negosyo para pagtakpan ang malaganap na korapsyon at pagnanakaw sa daan-daang bilyong pondo ng bayan ng mga burukratang kapitalista at mga kroni ng rehimen.

Ang patuloy na pasisasyon at militarisasyon ng gubyerno at lipunan ang dulo ng krisis ng naghaharing sistema sa Pilipinas. Kailangan ng rehimeng Duterte ang kamay-na-bakal na paghahari upang pigilan ang lumalakas na paglaban at oposisyon sa kanyang korap, kriminal at tiranikong paghahari. Kailangan ni Duterte ng maisasangkalang masisisi upang bigyang-katwiran ang pagpapatupad ng ibayong karahasan at terorismo ng estado sa nakikibakang mamamayan.



Ginagamit ni Duterte ang



buong makinarya ng panunupil ng estado upang supilin at sikilin ang demokratikong karapatan ng mamamayan. Ipinuwesto at pinalaki ni Duterte ang kapangyarihan ng sibilyan-militar na *junta* na nasa NTF-ELCAC na kumukubabaw at umaangkin sa kapangyarihan ng sibilyang awtoridad. Sa ngalan ng "anti-terorismo at anti-komunismo," walang pakundangang nagsasagawa ito ng *red-tagging* at panunugis sa mga aktibista, kritiko at oposisyon upang patahimikin.

Pinakikilos nito ang hukuman upang magmanupaktura ng sangkatutak na kautusan para balutan ng ligalidad ang maramihang pag-aresto, paghalughog, pagtatanim ng ebidensya at pamamaslang sa mga lider at kasapi ng mga organisasyon na tinatatakan nitong kaaway ng estado. Kaalinsabay, pinakikilos ang AFP at PNP para maglunsad ng magkakasabay at pinaigting na mga operasyong militar at pulis (SEMPO) sa kanayunan at kalunsuran at magsagawa ng mga pananakot, pag-aresto at pagpatay sa mga sibilyang may kaugnayan sa progresibong kilusan at pinaghihinalaang kalaban ng estado. Hindi pa nasiyahan, isinagasa ng kontrolado-ng-rehimen na Kongreso ang Anti-Terror Law o RA11479 upang gawing ligal ang pag-iral ng *de facto* Martial Law nang di na kailangan pang pormal na ideklara ito. Kaalinsabay, pinatitigas ni Duterte ang lagpas-lagpas na kapangyarihan sa Anti-Terrorism Council na kontrolado ng sibilyan-militar na *junta* ng rehimen. Pinakikilos na rin ng Malakanyang ang mga kapanalig na nasa *super-majority* para ilusot ang pagpapalawig ng paghahari ng angkan ni Duterte sa pamamagitan ng kudetang konstitusyunal at pederalismo.

Patuloy na pinalalakas ni Duterte ang AFP at binubusog ang mga matataas na upisyal at mga kroni ng burukratikong kurakot at katakam-takam na mga gatasang pusisyon at kontrata sa reaksyunaryong gubyerno kapalit ng bulag na katapatan. Sa pamamagitan ng P16.4-

bilyong pondo para sa kontra-insureksyong Barangay Development Program ng NTF-ELCAC, sinusuhulan ng rehimeng Duterte ang matataas na upisyal ng AFP at mga lokal na upisyal ng barangay ng palabigasang programa na pagkukunan ng kurakot at kikbak.

Nagwawaldas ang rehimen ng daan-daang bilyong piso sa pagbili ng makabagong mga armas, eroplano, helikopter, *drone* at barkong pandigma sa ilalim ng modernisasyon ng mersenaryong sandatahang lakas ng Pilipinas upang gamitin laban sa sariling mga mamamayan. Sa isang banda, malaking pinakikinabangan ng mga heneral ang mga kontrata sa pagbili ng armas at kagamitang militar bilang pinagkukunan na bilyun-bilyong kurakot.

Kumikilos ngayon ang mga kapanalig ni Duterte para buhayin ang panawagan sa pagtatayo ng "rebolusyonaryong gubyerno" tungong pederalismo. Itinutulak din ng paksyon sa PDP-Laban ang kandidatura ng tambalang Bong Go-Rodrigo Duterte para sa eleksyong presidensyal sa Mayo 2022 at hawanin ang daan para palawigin ang paghahari ni Duterte lampas sa 2022. Pinapaingay rin ng mga kaalyado ni Duterte ang pangalan ni Sara Duterte-Carpio at Bong Go bilang heredero ni Duterte sa eleksyong pampanguluhan sa Mayo 2022. Ang mga maniobra at kontra-maniobra sa loob ng naghaharing paksyon ay palatandaan ng mas maigting na girian at pagkakahati ng mga bloke ng kapangyarihan sa loob ng pangkating Duterte habang patuloy na nangunguyapit sa kapangyarihan si Duterte at ang kanyang angkan at mga kroni.

Mabilis na nahihiwalay ang rehimeng Duterte sa sambayanan. Ang pagsasama-sama ng lahat ng grupong oposisyon at pagkakabuo ng malapad na koalisyong anti-Duterte na hahamon sa naghaharing pangkatin sa eleksyon sa Mayo 2022 ay palatandaan ng lawak ng pagkakahiwalay ng naghaharing rehimen mula sa hanay ng demokratikong oposisyon at mga pwersang pampulitika sa lipunan.



Sa harap ng mga kaganapang ito, magiting na nilalabanan ng sambayanang Pilipino at ng mga rebolusyonaryong pwersa sa ilalim ng CPP-NPA-NDFP ang pasismo at terorismo ng rehimeng Duterte. Ang Partido, Hukbo at Pambansang Nagkakaisang Prente ang pinakakonsistente at pinakapursigidong pwersa na nagtataguyod sa pambansa at demokratikong adhikain ng sambayanan. Matatag nitong nilalabanan ang makauring pang-aapi at pagsasamantala ng lokal na mga oligarkong binubuo ng malalaking kumprador, uring panginoong maylupa at mga burukrata-kapitalista na kumakatawan sa neokolonyal na paghahari ng imperyalismo sa Pilipinas. Sa kasalukuyan, ang rehimeng Duterte ang pinakakonsentradong ekspresyon ng kasuklam-suklam na paghaharing ito.

Namumuhi ang sambayanan sa impyernong buhay sa ilalim ng paghahari ni Duterte. Naglulunsad sila ng iba't ibang anyo ng protesta at paglaban para tapusin ang malupit na paghahari ng rehimeng Duterte. Malugod nilang sinusuportahan at itinataguyod ang demokratikong rebolusyon ng bayan at armadong pakikibaka na inilulunsad ng Partido at Hukbo. Masigla silang nagsusulong ng mga pakikibakang masa sa balangkas ng anti-pasista, anti-imperyalista at antipyudal na kilusan at nagkakaisang-prente. Ang abanteng seksyon ng kilusang masang ito ay maramihang sumasapi sa mga kaanib na organisasyon ng NDFP na nagsisilbing gulugod sa mga inilulunsad na pakikibakang hayag at lihim, ligal at iligal, at armado't di armado para sa katuparan ng mga rebolusyonaryong mithiin ng sambayanan.

Maaliwalas ang hinaharap ng rebolusyong Pilipino. Katiyakan at pundasyon ng pagtatagumpay nito ang wastong gabay ng ideolohiya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, Maoistang teorya ng matagalang digmang bayan at matatag na pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas sa rebolusyong Pilipino. Instrumento ng katuparan nito ang NPA na nasa absolutong pamumuno ng Partido at nagsusulong ng matagalang digmang bayan sa mahigit 110 larangang gerilya bilang muog ng sumisibol na pulang kapangyarihang pampulitika ng demokrasyang bayan sa buong kapuluan.

# III. Magpunyagi at Matatag na Sumulong hanggang sa Ganap na Tagumpay ng Demokratikong Rebolusyon ng Bayan sa Pilipinas

Ang kasalukuyang bagong demokratikong rebolusyon sa Pilipinas ay nasa pamumuno ng uring manggagawa, sa pamamagitan ng Partido Komunista ng Pilipinas, at tumatanaw na tutungo sa sosyalistang rebolusyon sa panahon ng modernong imperyalismo at pandaigdig na proletaryong rebolusyon. Ang rebolusyonaryong pamumuno ng uring manggagawa at ang talibang partido nito ang nagtitiyak na ang bagong demokratikong rebolusyon ay may sosyalistang perspektiba, tumatalunton sa sosyalistang direksyon at hinahawan ang landas para sa sosyalistang rebolusyon.

Pinakamahalagang layunin ng demokratikong rebolusyon ng bayan ang pagkakamit ng ganap na pambansang kalayaan at demokrasyang bayan. Makatarungang kahilingan at aspirasyon nito ang pagpawi sa pang-aapi at pagsasamantala na sistematikong lumalapastangan sa dignidad ng tao.

Ang tinatamasa nitong suporta mula sa uring magsasaka na bumubuo ng pangunahing pwersa ng rebolusyon ang isang katiyakan na matutupad ang pangunahing nilalaman ng demokratikong rebolusyon—ang paglutas sa malaon nang kahilingan ng masang magsasaka para sa agraryong rebolusyon sa pamamagitan ng libreng distribusyon ng lupa. Hinahawan nito ang daan para sa kooperasyon sa agrikultura at mekanisasyon sa pagsapit sa yugto ng sosyalismo.

Mahalagang pag-aralan at unawain ang mga uri sa lipunang Pilipino upang matukoy sino ang mga kaibigan at motibong pwersa, at kung sino ang mga kaaway ng rebolusyon.

Ang uring manggagawa, magsasaka, petiburgesyang lungsod at panggitnang burgesya ang mga motibong pwersa ng rebolusyon. Ang uring manggagawa ang namumunong uri sa bagong demokratikong yugto hanggang sosyalistang yugto ng rebolusyong Pilipino. Ang uring magsasaka—partikular ang mga maralita at panggitnang magsasaka at mga manggagawang bukid—ang pangunahing pwersa at bumubuo ng demokratikong mayorya ng mamamayan. Ang mga petiburgesyang lungsod at panggitnang burgesya naman ang bumubuo ng panggitnang saray ng lipunan.



Pinamumunuan ng Partido ang mga saligang pwersa ng rebolusyon na binubuo ng saligang alyansa ng mga manggagawa at magsasaka, kabilang ang petiburgesyang lungsod; at ang mga positibong pwersa ng rebolusyon, na binubuo ng mga saligang pwersa, kabilang ang panggitnang burgesya na dapat kilalanin ang dalawahang katangian.

Ang kaaway ng rebolusyon ay binubuo ng imperyalismo at ng kanilang mga lokal na kasapakat: ang malalaking burgesya-kumprador, uring panginoong maylupa at ang mga burukratang kapitalista. Sila ang mga pwersa ng kontra-rebolusyon na ninanais na palawigin ang mapang-api at mapagsamantalang sistema ng malakolonyal at malapyudal na paghahari sa Pilipinas.

Ang malaking burgesya komprador ang pangunahing ahente ng US at iba pang imperyalistang bansa sa mga transaksyong pinansyal at kalakalan. Pinananatili naman ng uring panginoong maylupa ang pribadong pagmamay-ari ng lupa at ipinapataw sa masang magsasaka at manggagawang bukid ang iba't ibang kundisyon ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala at pang-aapi. Ang mga burukratang kapitalista ang mga pampulitikang ahente ng malalaking kumprador at panginoong maylupa na naging naiibang uri sa pag-akumula ng yaman at kapangyarihan dahil sa paggamit ng kanilang pusisyon at kapangyarihan sa gubyerno. Kasuklam-suklam ang pagtatayo

nila ng mga dinastiyang politikal para manatili sa kapangyarihan upang mag-akumula ng pribadong kapital at lupa. Ginagamit nila ang malakolonyal na estado para apihin ang mga mamamayan at panatilihing nasa ilalim sila ng naghaharing sistema sa pamamagitan ng karahasan at panlilinlang.

Binuo ng Partido ang NPA bilang instrumento sa pagtatanggol, pagsusulong at pagtataguyod ng interes ng mamamayan. Ito ang pangunahing rebolusyonaryong organisasyong pangmasa ng Partido. Hindi lamang ito isang pwersa para sa paglaban kundi gumaganap ito ng mga tungkulin sa pulitika, produksyon, kultura at iba pang gawain sa ilalim ng pamumuno ng Partido. Nagsasagawa ito ng gawaing propaganda't kultura at sumasalig sa masa para tamasahin ang kanilang taus-pusong paglahok at pagsuporta sa armadong pakikibaka. Ang armadong pakikibaka ay integrado sa pagpapatupad ng reporma sa lupa at pagbubuo ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika at mga organisasyong masa sa kanayunan.

Posible ang matagalang digmang bayan sa bagong demokratikong rebolusyon sa Pilipinas dahil ipinagkakaloob ng masang magsasaka sa hukbong bayan ang paborableng pisikal at panlipunang tereyn, gayundin ang pinakamalawak na erya para sa maniobra ng digmang bayan laban sa kaaway na superyor sa maraming bagay (tauhang militar, kagamitan at pagsasanay) hanggang makuha ng hukbo ang inisyatiba at agawin ang sandata mula sa kaaway.

Sa kanayunan makakamit ng hukbong bayan ang pinakamataas na inisyatiba sa paglulunsad ng matatagumpay na taktikal na opensiba at pinakamalawak na maniobrahan para ipreserba ang sarili at magpalakas. Doon maaaring itayo ang mga base ng pinakamalawak na suporta sa hanay ng masang magsasaka para sa armadong pakikibaka at isanib ito sa reporma sa lupa bilang pinakasubstantibong demokratikong reporma, at sa pagbubuo ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika at mga organisasyong masa.

Sa mahigit limang dekada, sapat ang puhunan at naipundar na lakas ng Partido Komunista ng Pilipinas at New People's Army para biguin ang malupit na kontra-rebolusyonaryong gera ng rehimeng US-Duterte laban sa sambayanang Pilipino. Pinanday, sinubok at napangibabawan ng NPA ang buong lupit ng lahat ng klase ng kontra-rebolusyonaryong kampanya ng pagsupil at pagwasak ng mersenaryong hukbo ng lokal na mga naghaharing uri. At sa gitna ng maigting na buhay-at-kamatayang pakikibaka, higit na napanday at nakapag-ipon ang NPA ng kumulatibong mga tagumpay sa pagsusulong ng matagalang digmang bayan.

Pinatunayan ng mahigit limang dekadang pagpupunyagi sa armadong pakikibaka ang katumpakan ng linya ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa Pilipinas. Patuloy na nakapagpunyagi ang NPA upang lumaki at lumakas mula sa pinagsimulang 60 mandirigma na mahinang nasasandatahan nang itinatag ito sa Ikalawang Distrito ng Tarlac noong Marso 29, 1969.

Sa mahigpit na pagtalima at paglalapat ng MLM at Maoistang teorya ng matagalang digmang bayan sa kundisyon ng rebolusyong Pilipino, at sa paghalaw ng mahahalagang leksyon kapwa sa mga nagtagumpay at nabigong mga rebolusyon sa ibang panig ng mundo, napangibabawan ng Partido at hukbong bayan ang pinakamalupit na pagsalakay at pagdurog ng mersenaryong militar at pulis ng mga reaksyunaryong rehimen. At sa umiikid na siklo, lumitaw ang hukbong bayan na mas malakas kaysa dati.

Ngayon, ang NPA ay isa nang pambansang hukbo na kumikilos sa mahigit 110 larangang gerilya sa buong kapuluan. Mula sa maliit at mahina, lumaki at lumakas ang hukbong bayan sa ilang libong mandirigma na nasasandatahan ng mga ripleng awtomatik at iba pang kagamitang militar at matataas na kalibreng armas. Ganun na lamang ang takot ng mga lokal na naghaharing uri at mersenaryong AFP at PNP na may sarili nang hukbo ang mamamayan na magbibigay ng katarungan sa kanilang kaapihan at dudurog sa paghahari-harian ng mga oligarko kung kaya't desperado silang nagpapakanang wasakin ang hukbong bayan at supilin ang paglaban ng nakikibakang mamamayan.

Taimtim na tumatalima ang NPA sa absolutong pamumuno ng Partido at itinataguyod ang pangkalahatang linya ng demokratikong rebolusyon ng bayan na matagalang digmang bayan. Ipinatutupad nito ang estratehikong linya ng pagkubkob sa kalunsuran mula sa

***"Napangibabawan ng Partido at hukbong bayan ang pinakamalupit na pagsalakay at pagdurog ng mersenaryong militar at pulis ng mga reaksyunaryong rehimen. At sa umiikid na siklo, lumitaw ang hukbong bayan na mas malakas kaysa dati."***



kanayunan. Hakbang-hakbang na winawasak at pinahihina ng Hukbo ang reaksyunaryong kapangyarihan ng mga naghaharing uri sa kanayunan hanggang sa yugtong kaya na nitong agawin ang kapangyarihang pampulitika sa kalunsuran at sa buong kapuluan. Mahigpit nitong nauunawaan na sa estratehiya ng matagalang digmang bayan, kinakailangang daanan ang tatlong estratehikong yugto: ang estratehikong depensiba, pagkakapatas at opensiba. Dadaan naman sa tatlong subyugto ang estratehikong depensiba—ang maaga, gitna at sulong ng bahagi—bilang mga kinakailangang daanang proseso para makatungtong sa mas mataas na estratehikong yugto ng pagkakapatas at opensiba.

Patuloy na nagpupunyagi ang NPA sa linya ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya na patuloy na umaani ng papalawak at papalalim na suporta ng mamamayan. Sa kasalukuyan, nagsisikap itong sumulong mula sa mababa tungo sa mataas na antas ng pakikidigmang gerilya at mula sa gitnang bahagi ng estratehikong depensiba tungo sa sulong na bahagi nito upang makatungo sa bungad ng estratehikong pagkakapatas.

Integradong isinusulong ng NPA ang mga tungkulin sa armadong pakikibaka, pagtatayo ng base at reporma sa lupa. Tuloy-tuloy na pinalalawak at pinatatatag ang mga nakatayong larangang gerilya sa estratehikong bahagi ng kapuluan at nagtatayo ng bagong mga larangang gerilya sa proseso ng pakikidigmang gerilya.

Isinusulong ng NPA ang rebolusyong agraryo upang lutasin ang dantaong problema ng masang magsasaka sa kawalan ng lupa. Sa pagsusulong ng reporma sa lupa, umaasa ito sa pagbubuo ng lakas ng mga batayang saray ng uring magsasaka—ng mga maralitang magsasaka, manggagawang-bukid at mababang-panggitnang magsasaka—alinsunod sa anti-pyudal na linyang makauri. Isinusulong nito ang pagbubuo ng antipyudal na nagkakaisang prente na nakabatay sa pagsalig sa mga batayang saray ng uring magsasaka, pagkabig sa lahat ng iba pang panggitnang magsasaka, pagnyutralisa sa mayamang magsasaka, at pagsamantala sa mga bitak sa hanay ng mga panginoong maylupa (pagkumbinsi sa mga naliliwanagang panginoong maylupa na tumalima sa reporma sa lupa) upang ihiwalay at gapiin ang mga despotikong panginoong maylupa.

Sa paglutas sa problema sa lupa ng masang magsasaka sa pamamagitan ng rebolusyong agraryo, natitiyak ang suporta sa demokratikong rebolusyon ng masang magsasaka na bumubuo ng 75% ng populasyon sa Pilipinas. Sa mga lugar na nagtamasa ang masa ng makabuluhang pakinabang sa rebolusyonaryong programa sa reporma sa lupa ng Partido, lumilitaw ang pinakamatitibay na muog ng rebolusyon at pulang kapangyarihang pampulitika ng mamamayan. Dito matatagpuan ang pinakamalakas na suporta ng mamamayan sa hukbong bayan at sa armadong pakikibaka.

Sa pagtalunton sa taktikal na linyang militar ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya na may malawak at malalim na suportang masa, matagumpay na nakapagpupunyagi ang mga pwersang gerilya sa harap ng malakas at masaklaw na mga kampanya ng pagsupil at pagwasak ng mersenaryong AFP at PNP. Pinatutunayan sa karanasan ang superyoridad ng taktika ng pakikidigmang gerilya at ginagawang inutil ang makabagong armas at kagamitang militar ng kaaway. Ito ang dahilan kung bakit hindi matalo-talo ng mersenaryong AFP at PNP ang NPA na ilang ulit ang superyoridad at kalamangang militar. Basta't may malawak at malalim na suporta ng masa at mahigpit na hawak ang mga prinsipyo ng pakikidigmang gerilya at mga taktika ng konsentrasyon, dispersal at paglipat, mahahawakan ng mga yunit gerilya ang inisyatiba at pleksibilidad sa mga labanan at maiiwasan ang malalaking pinsala.

Sa harap ng mga nakapokus na operasyong militar (FMO) ng kaaway, kailangang hawakan ang postura ng aktibong depensa sa lahat ng panahon. Dapat nitong ilunsad ang aktibong depensang pakikidigma sa anyo ng mga kontra-kampanyang militar para papurulin at biguin ang mga inilulunsad na FMO ng kaaway. Dapat itong magtalaga ng mga tim para magsagawa ng mga operasyong sapper, isnayping, isparo, sabotahe at pamamarusa para paduguin sa maraming sugat ang nag-ooperasyong kaaway habang itinatalaga ang pangunahing mga yunit panlaban sa paglulunsad ng maimpak

na mga batayang taktikal na opensiba (BTO) para mariing bigwasan ang palalong kaaway at kumpiskahin ang kanyang mga sandata't kagamitang militar. Kailangan nitong buuin ang mga tim ng iskermiser para birahin at pinsalain ang mga helikopter at *drone* ng kaaway at itaas ang kasanayan at kapabilidad ng mga yunit gerilya sa pakikipaglaban bilang mga *compact* na yunit.

Kailangang hawakan ang wastong istruktura ng pwersa ng hukbong bayan sa kasalukuyang yugto ng digmang bayan. Dapat nitong italaga ang dalawang-katlo ng pwersa sa mga horisontal na pormasyong gerilya para tumupad ng gawaing masa, pagpapalawak at konsolidasyon ng baseng masa at baseng gerilya. Sa isang banda, dapat nitong italaga ang sangkatlo ng lakas-tauhan sa mga bertikal na pormasyong gerilya para tumupad ng pangunahing gawaing militar at magsilbing angkla ng lakas pangmilitar ng nakadispers na mga yunit.

Dapat na buuin at itatag ang 2-3 lakas-kumpanyang larangang gerilya na magkakatalikuran upang magsilbing malapad na maniobrahan ng mga horisontal at bertikal na pwersa ng hukbong bayan sa paglulunsad ng pakikidigmang gerilya na malaganap at masinsin. Kailangang sa proseso ng pagpapalaganap ng pakikidigmang gerilya, saklawin ng mga larangang gerilya ang estratehikong bahagi ng kalupaang mabundok at magubat at paabutin hanggang sa bulubunduking kapatagan, tabing-haywey at baybay-dagat na makapal ang populasyon at kung saan pinakamatalim ang tunggalian ng mga uri at pinakamasahol ang pyudal at malapyudal na pagsasamantala.

Paramihin at itaas ang kalidad ng mga yunit ng milisyang bayan sa paglulunsad ng pakikidigmang gerilya ng masa. Mahalaga ang papel ng mga milisyang bayan sa pagbibigay ng suportang kombat sa likuran, paggigiya, pagbubuhat ng suplay at mga sugatan, pagsubaybay sa kilos ng kaaway at bilang karagdagang pwersa sa mga inilulunsad na taktikal na opensiba ng mga pultaym na yunit gerilya ng hukbong bayan.



Kailangang mahigpit na hawakan at sapulin ang mahalagang turo ni Mao na ang tagumpay sa isang digmaan ay pinagpapasyahan ng lakas at determinasyon ng mamamayan at hindi ng mga makabagong armas lamang. Minamaliit natin ang kaaway sa estratehiya bilang tigreng papel subalit kailangan silang seryusohin sa taktika. Kailangan nating kumpiskahin ang makabagong armas na hawak ng kaaway upang patuloy na itaas ang mapandurog na kakayanan ng hukbo at grumadweyt ang ating pakikidigmang gerilya tungo sa pakikidigmang makilos at pusisyunal sa mas mataas na estratehikong yugto ng pagkakapatas at opensiba.

Sa kasalukuyan, nilulutas natin ang mga suliranin sa pagsulong mula sa gitna tungo sa sulong na bahagi ng estratehikong depensiba at mula sa mababa tungo sa mataas na antas ng pakikidigmang gerilya upang makatungtong sa bungad ng estratehikong pagkakapatas. Nangangahulugan ito ng maraming ulit na pagdaragdag ng kumulatibong lakas sa dami at kalidad ng tauhan at armas, paglawak at pagtatag ng baseng masa, pagtatayo ng baseng gerilya at baseng purok, paglitaw ng mga organo ng Pulang kapangyarihang pampulitika sa buong kapuluan para sa mas masaklaw na pamumuno sa masa at pagdaluyong ng ga-higanteng kilusang masa sa kanayunan at kalunsuran.

Pangunahing nagmumula ang bulto ng sandata ng NPA sa nakukumpiskang armas at kagamitang militar ng bawat nagagaping yunit ng kaaway sa mga labanan. Ang kaaway ang naglalakad na armori ng Hukbo at kailangan nitong magpakahusay at magpakadalubhasa sa iba't ibang taktika at paraan ng pakikipaglaban para agawin ang sandata ng kaaway. Susi ang determinasyon at mataas na diwang gapiin ang kaaway sa mga labanang anihilatibo habang pinadudugo at inuuk-ok ang moral ng palalong kaaway mula sa mga pinsala sa mga labanang atrisyon na inilulunsad ng mga pwersang gerilya.

Tulad sa ibang rehiyon sa bansa, ang NPA sa Timog Katagalugan ay magiting na nagtatanggol at binibigo ang maigting na pananalakay ng mga mersenaryo at pasistang AFP at PNP. Gumagamit ang kaaway ng pwersang ilang beses na superyor ang lakas, kagamitan at armas laban sa mahinang pwersa ng Hukbo. Sa kasalukuyan, nakadeploy sa rehiyon ang katumbas ng mahigit 22 batalyon ng pinagsamang pwersa ng AFP at PNP para sa inilulunsad nitong kontra-rebolusyonaryong gera. Kung isasama pa ang anim (6) na batalyon

ng CAFGU, magiging 28 batalyon lahat ang kabuuang pwersa na nakadeploy sa rehiyon.

Sa mahusay na pagtatalaga ng pwersa, napanatili ng mga pwersang gerilya ang mataas na inisyatiba at pleksibilidad sa pagharap at pagpapapurol sa mga napapokus na operasyon ng kaaway sa mga larangang gerilya ng rehiyon. Mula 2017 hanggang 2020, nailunsad ng NPA sa TK ang kabuuang 276 na mga taktikal na opensiba kung saan nagtamo ang kaaway ng kaswalting 284 patay, 261 sugatan, 2 binihag at 10 napasuko sa labanan. Katumbas ito ng mahigit isang batalyong kaswalti. Kinumpiska ng hukbong bayan ang kabuuang 159 na riple kung saan ang 85 ay malalakas na kalibre. Winasak at sinira rin ang ilang sasakyang militar sa proseso ng mga labanan.

Nag-iilusyon ang rehimen na mapupuksa nito ang armadong pwersa ng rebolusyon bago matapos ang panunungkulan ni Duterte sa 2022. Ilang beses nang binago-bago at pinalawig ng rehimen at AFP ang dedlayn na tatapusin ang rebolusyon sa mga publikong pamamahayag nito. Ampaw ang ipinamamarali ng AFP na *whole of nation approach.* Ilusyon at marupok ang tinutungtungan ng kampanya nitong mga deklarasyon ng *"persona non grata"* ng mga lokal na gubyerno na ipinasa sa paraan ng pamimilit at intimidasyon. Ang pinekeng maramihang pagsuko ng diumanong mga NPA mula sa sibilyang populasyon ay maliwanag na desperasyon upang lumikha ng ilusyon na nagwawagi ang "kontra-insureksyong" programa ng rehimen, habang patagong nakikinabang sa milyun-milyong pondong nakalaan para sa E-CLIP at iba pang hungkag na programa ng reaksyunaryong gubyerno at mersenaryong AFP.

Desperadong naninimot ang kaaway ng mga pasibo at lumisan nang mga dating pwersa ng NPA, kahit ang matatagal nang umalis sa rebolusyonaryong pagkilos, para lamang may maiprisinta sa publiko at midya na mga sumuko at pagkatapos, kumubra ng mga pabuya mula sa E-CLIP.

Nagpaparamihan ang bawat kumand ng AFP at PNP ng mga mapapasuko kahit mga karaniwang sibilyan lamang na inilulusot bilang mga pekeng nagsurender na NPA dahil sa insentiba na sa bawat mapapasuko nila ay tatanggap sila ng P21,000 pabuya. Sa ganitong paraan, nagiging malaking palabigasan at gatasan ng AFP at PNP ang programa sa E-CLIP ng rehimen.

Sa ilalim ng Barangay Development Program (BDP) ng rehimen, nakakuha ng bagong palabigasan at gatasan ang mga heneral ng AFP at NTF-ELCAC sa nakalaang P16.4-bilyong pondo. Ginagamit na pansuhol ng NTF-ELCAC sa mga barangay ang P20-milyon matatanggap kapag diumano nalinis ng barangay ang "banta ng insurhensya." Nag-iilusyon at niloloko ng NTF-ELCAC, at mga heneral ng AFP at PNP ang taumbayan sa pagyayabang na ang kakarampot na P20-milyong pondo ang papawi sa kahirapan at atrasadong kundisyon ng mga magsasaka at katutubong mamamayan. Ang mga ito ay pulos pantapal na solusyon na hindi bumabago sa pusisyon ng masang magsasaka at katutubong mamamayan na api't pinagsasamantalahan at walang boses sa pulitika.

Ngunit hindi nangangahulugang 'di nagtamasa ng pinsala ang rebolusyonaryong kilusan sa proseso ng mga gitgitang labanan. Sa parehong panahong sinusuri, nagtamo rin ang hukbong bayan ng kabuuang 139 na kaswalti kung saan 68 ang namartir, 44 ang nasugatan at 27 ang nadakip. May mga bahagi ring umatras at may mga bahagi namang nabawi. Ang mga pinsalang ito ay mga pansamantala lamang. Tiyak na makakapangibabaw ang Partido at Hukbo tulad sa mga nakaraang Oplan ng kaaway dahil handa itong matuto sa mga pagkakamali at ginagamit nitong armas ang mga natutunang leksyon upang panibagong bumangon at magpanibagong lakas at sigla.

Ang pinakatiyak na garantiya na patuloy na mag-aalab ang rebolusyon ay ang malawak na kahilingan ng masang api't pinagsasamantalahan na baguhin ang bulok at bangkaroteng sistemang panlipunan sa Pilipinas na matagal nang pinaghaharian ng sasandakot na mga oligarko ng malalaking kumprador, uring panginoong maylupa at mga burukrata. Sa bawat kalupitan at kabuktutang inihahasik ng estado ng naghaharing uri sa mamamayan ay naipupunla ang binhi ng paglaban. Ang labis na kahirapan, pagsasamantala at karahasan ng estado ang matabang lupa para patuloy na papag-alabin ang sulo ng rebolusyon sa Pilipinas hanggang sa ganap na tagumpay. K



**KOMUNISTA, REBOLUSYONARYONG HUKBO, HINDI TERORISTA!**

**SUMAPI SA BAGONG HUKBONG BAYAN!**